

SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY PALHI

HULYO 10, umarangka-da muli ang Pamahalaang Lungsod at ang Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan sa Brgy. Palhi sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Bim Ignacio.

Kasama ang department heads at mga kawani ng Pamahalaang

Lungsod ay isinagawa din ang regular Flag Raising Ceremony na pinangunahan naman ng Sangguniang Baranggay ng Palhi sa pamumuno ni kapitan Maximo Babao.

Ilan nga sa nagbababa ng serbisyo ang City Agricultural Services Department, PWD Affairs Office, Office,

Office of the Senior Citizens' Affairs, City Health and Sanitation Department, City Veterinary Services Department, City Socialized Medical Health Care Office, City Social Welfare and Development Department, City Assessor's Department, City Legal Department, Public Attorney's Office, Business Permit and Licensing Office,

City Treasury Department, City Education Department, City Civil Registry Department, at City PESO.

Nakiisa din sa pagbibigay ng serbisyo ang Calapan City Police Station, Calapay City Fire Station, Philippine Identification System (PhilSys), Philippine

Health Insurance Corporation, (PhilHealth), Social Security System (SSS), at Pag-IBIG Fund.

Alinsabay ng programa, binuksan din ang Sectoral Consultation kung saan nabigyan ng pagkakataon ang barangay na mailapit ang kanilang mga pangangailangan at suliranin sa kanilang komunidad (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO ANTON VIKTOR LANDICHO STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Isinasagawa ang final offshore survey sa ground zero ng pinaglubugan ng MT Princess Empress sa pangunguna ng Philippine Coast Guard kasama ang Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office at kinatawan ng iba pang konsernadong ahensya ng pamahalaan na katuwang sa pagtugon sa insidente ng oil spill, Hulyo 13.

Layunin ng naturang gawain na maki-



SINAG PUBLISHING AND PRINTING

SINAG

PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
 Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATION (AICS) PAYOUT, HANDOG NI SENATOR VICTOR 'JV' EJERCITO

SA PAKIKIPAGTULUNGAN kay City Mayor Marilou Flores-Morillo, at sa City Government of Calapan, kasama ang DSWD-MIMAROPA, matagumpay na naisagawa ang AICS Payout na handog ni Senator JV Ejercito para sa mga Calapeño, ginanap sa City Mall Activity Center, Brgy. Ilaya, Calapan City, noong ika-11 ng Hulyo.

Nakadaupang palad dito nina Mayor Morillo at Senator 'JV' Ejercito ang mga mamamayan ng lungsod, kung saan inaasahan na makatatanggap ng nagkakahalagang 3,000 Pesos bawat isa ang nasa kabuuang 333 na benepisyaryo na mula sa iba't ibang Barangay sa Lungsod ng Calapan.

Nakasama rin nila rito sina Provincial Governor Humerlito 'Bonz' A.

Dolor, Mayor Henry Joel C. Teves ng Naujan, Mayor Jennifer "Ina Alegre" Cruz ng Pola, City Councilor, Atty. Jelina Magcusi, at Social Welfare Officer II, Ms. Sonia C. Mañebo.

"Ituring po ninyo akong kasama at kakampi sa Senado", pahayag ni Sen. Ejercito, na handang tumulong para sa mga nangangailangan, kung saan sinabihin niya na palalakasin niya

ang turismo sa Oriental Mindoro para mas lalong mabuhay ito.

Samantala, naniniwala ang Ina ng Lungsod na ang ipinamahaging ayunda ay malaki ang maitutu-

long sa pangkabuhayan ng mga mamamayan, at dahil dito, lubos silang nagpapasalamat (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



DISTRIBUTION OF FINANCIAL ASSISTANCE PROGRAM

EDUKALINGA. Ipinagkaloob na muli ng Pamahalaang Lungsod ang Education Financial Assistance Program para sa mga karapatdapat na mag-aaral ng City College of Calapan noong ika-12 ng Hulyo.

Matapos ang ika-lawang semestre ng Academic Year 2022-2023, nasa 1,877 na mag-aaral ang nakapasa upang maging benepisyaryo na makatatanggap ng nagkakahalagang Php 2,500.

Naroon din upang magbigay ng mensahe sina Kon. Rius Agua, Kon. Marian Tagupa, Kon. RL Leachon, Kon. Atty. Ricka Goco, at Kon. Raphael Panaligan. Samantala, pinangunahan naman nina City Education Officer Myriam Olalia, City College of Calapan Administrator Dr. Ronal Cantos, at City Treasurer Nicasio Catapang ang distribusyon ng EduFAP.

Matatandaang ang EduFAP ay naging posible sa pamamagitan ng City Ordinance No. 68 na ipinatupad noong 2020 (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



ANG PAGTATAPOS NG PAG-AARAL NG ISANG KATUTUBONG MANGYAN TADYAWAN

SANA ay magsilbing inspirasyon sa bawat isa sa atin ang mag-inang Nanay Teresita Roldan at Arjay Roldan ng barangay Villa Cerveza, Victoria. Sila ay katutubong Mangyan Tadyawan.

Nagtapos noong araw, Hulyo 14, sa Senior High School ang anak ni nanay Teresita na si Arjay sa Macatoc National High School (MacHigh) kung saan guest speaker si Governor Bonz Dolor.

Nailahad ni Nanay Teresita na tuwang-tuwa siya dahil nag-graduate na rin sa wakas ang kanyang anak. Malaki ang kanyang pa-

niniwala na sa kabila ng hirap na nararanasan may Diyos namang masasandalan. Kahit aniya, mahirap ang buhay at hirap din siyang batahing mag-isa ang pag-aaral ng kanyang mga anak dahil namayapa na ang kanyang kabiyak tuloy lang aniya, pa, ang buhay. Dumating daw sa puntong umiiyak na siya dahil sa tindi ng hirap at mag-isa lamang siyang kumakayod pero kinakaya niya. Inisip na lamang daw niya na wala namang maitutulong ang kanyang pag-iyak kaya tinibayan nya

l a l o
a n g

kanyang sarili. Gusto daw niyang huwag matulad sa kanya na hindi nakapag-aral sina Arjay kaya nagpursigi pa siya at manindigang ama at ina ng mga ito.

Tila hindi maikukubli ang saya at animo'y nakalutang sa alapaap habang naglalakad si Nanay Teresita kasabay ang kanyang anak na si Arjay sa pagtatapos nito sa Senior HS. Pasasalamat naman sa lahat ng mga naging guro at sa inspirasyong ibinahagi ni Gov. Bonz ang kanyang paabot. Di man daw direktang siya'y natulungan nito, "mabait siya at magaling tumulong si Gov'.

Matatandaan naman na si Gov Bonz ay patuloy sa pagsisikap na agapayan ang lahat ng mga katutubong Mangyan at ang naisin nitong wakas ang kamangmangan sa pamamagitan ng kanyang isinusulong na zero illiteracy program.

ram.

Maikokonsidera namang ang adhikain ni Nanay Teresita na paaralin ang kanyang mga anak tulad ni Arjay at ang mataas nitong pagpapahalaga sa edukasyon ay isang matibay na suporta at tumutugma sa nais n i

ang minimithing sa hinaharap wala nang katutubong Mangyan na hindi marunong bumasa at sumulat.

Ipinagmamalaki ka ng mga Oriental Mindoreño nanay Teresita at Arjay.

Sana po ay marami pang katulad nyo na may mataas na pagpapahalaga at paniniwala sa kabutihang dulot ng EDUKASYON upang patuloy na hubugin ang kalamang kayanan na magri-resulta sa pagkakaroon ng mata-gumpay na buhay. (PIO Calapan)

